

# Bakuna Laban sa Bulutong-tubig (Chickenpox)

## Ano Ang Dapat Ninyong Malaman

Maraming Pahayag Ukol Sa Impormasyon Sa Bakuna ang nasa wikang Kastila at iba pang wika. Tingnan ang [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)

Hojas de información Sobre Vacunas están disponibles en español y en muchos otros idiomas. Pumunta sa [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)

### 1 Bakit magpapabakuna?

Ang bulutong-tubig (tinatawag din na varicella) ay isang karaniwang sakit sa pagkabata. Kadalasang banayad ito, ngunit maaaring maging malubha, lalo na sa mga sanggol at sa mga nasa hustong gulang na.

- Nagdudulot ito ng pagbutlig, lagnat, at pagkapagod.
- Maaari itong humantong sa matinding impeksiyon sa balat, mga peklat, pulmonya, pinsala sa utak, o kamatayan.
- Maaaring makahawa ang virus ng bulutong-tubig mula sa isang tao papunta sa ibang tao sa pamamagitan ng hangin, o sa pamamagitan ng pagkakadikit sa likido na mula sa mga umbok ng bulutong-tubig.
- Ang isang tao na nagkaroon na ng bulutong-tubig ay maaaring magkaroon ng masakit na rashes na kung tawagin ay shingles pagkalipas ng maraming taon.
- Bago ang bakuna, humigit-kumulang na 11,000 tao ang na-ospital dahil sa bulutong-tubig sa bawat taon sa Estados Unidos.
- Bago ang bakuna, humigit-kumulang na 100 tao ang namatay sa bawat taon bunga ng bulutong-tubig sa Estados Unidos.

Maiiwasan ang bulutong-tubig sa pamamagitan ng bakuna laban sa bulutong-tubig.

Karamihan sa mga tao na nagpabakuna laban sa bulutong-tubig ay hindi magkakaroon ng bulutong-tubig. Pero kung ang isang taong nagpabakuna ay magkaroon pa rin ng bulutong-tubig, kadalasang napakabanayad nito. Magkakaroon sila ng mas kaunting umbok, mas mababa ang posibilidad na lagnatin, at mas mabilis na gagaling.

### 2 Sino ang dapat magpapabakuna laban sa bulutong-tubig at kailan?

#### Karaniwan

Ang mga bata na hindi pa nagkabulutong-tubig kahit kailan ay dapat na tumanggap ng 2 dosis ng bakuna laban sa bulutong-tubig sa mga edad na ito:

- Ika-1 Dosis: 12–15 buwan ang edad
- Ika-2 Dosis: 4–6 na taong gulang (maaaring ibigay nang mas bata pa, kung hindi bababa sa 3 buwan pagkatapos ng ika-1 dosis)

Ang mga taong 13 taong gulang pataas (na hindi pa nagkabulutong-tubig o nabakunahan laban sa bulutong-tubig kahit kailan) ay dapat tumanggap ng dalawang dosis sa loob nang hindi bababa sa 28 araw na pagitan.

### Paghabol

Sino man na hindi ganap na nabakunahan, at hindi pa nagkaroon ng bulutong-tubig kahit kailan, ay kailangang tumanggap ng isa o dalawang dosis ng bakuna laban sa bulutong-tubig. Ang panahon ng pagbibigay ng mga dosis na ito ay batay sa edad ng tao. Tanungin ang inyong doktor. Ang bakuna laban sa bulutong-tubig ay maaaring ibigay kasabay ng iba pang bakuna.

Tandaan: Isang “pinagsamang” bakuna na tinatawag na **MMRV**, na nagtataglay ng bakuna para sa bulutong-tubig at MMR, ay maaaring ibigay sa halip na dalawang magkahiwalay na bakuna, sa mga taong may edad na 12 taong gulang pababa.

### 3 Hindi dapat magpapabakuna laban sa bulutong-tubig ang ilang tao o dapat na maghintay.

- Hindi dapat magpapabakuna laban sa bulutong-tubig ang mga tao kung nagkaroon na sila ng nakamamatay na allergy sa isang naunang dosis ng bakuna laban sa bulutong-tubig o sa gelatin o sa antibayotikong neomycin.
  - Ang mga tao na katamtaman o may malubhang sakit sa oras ng pagturok ay kadalasang dapat maghintay hanggang sa sila ay gumaling bago magpapabakuna laban sa bulutong-tubig.
  - Dapat maghintay ang mga buntis na manganak muna bago magpapabakuna laban sa bulutong-tubig. Hindi dapat magbuntis sa loob ng 1 buwan ang mga babae matapos mabakunahan laban sa bulutong-tubig.
  - Dapat makipag-alam sa kanilang doktor ang ilang tao tungkol sa kung sila ba ay dapat mabakunahan laban sa bulutong-tubig, kabilang na ang sinuman na:
    - May HIV/AIDS o iba pang sakit na nakakaapekto sa immune system
    - Ginagamot ng mga gamot na nakakaapekto sa immune system, tulad ng mga steroid, sa loob nang 2 linggo o higit pa
    - May anumang uri ng kanser
    - Naggagamot para sa kanser sa pamamagitan ng radiation o mga gamot
  - Ang mga tao na kamakailan lamang ay sumailalim sa transfusion o binigyan ng iba pang produktong dugo ay dapat na magtanong sa kanilang doktor kung kailan maaari na silang magpapabakuna laban sa bulutong-tubig.
- Tanungin ang inyong doktor para sa karagdagang impormasyon.

**4****Ano ang mga panganib mula sa bakuna laban sa bulutong-tubig?**

Ang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay maaaring magdulot ng malubhang problema, tulad ng matitinding allergy. Ang panganib na magdulot ng malubhang pinsala, o kamatayan ang bakuna laban sa bulutong-tubig ay napakaliit talaga.

Ang pagpapabakuna laban sa bulutong-tubig ay talaga namang mas ligtas kaysa magkaroon ng sakit na bulutong-tubig. Karamihan sa mga tao na nagpapabakuna laban sa bulutong-tubig ay walang anumang problema rito. Kadalasang mas posibleng magkaroon ng mga reaksiyon pagkatapos ng unang dosis kaysa pagkatapos ng pangalawa.

**Mga banayad na problema**

- Pananakit o pamamaga kung saan tinurukan (mga 1 sa 5 bata at hanggang 1 sa 3 nagbibinata/nagdadalaga at mga nasa hustong gulang na)
- Lagnat (1 tao sa 10, o mas kaunti)
- Banayad na rashes, hanggang 1 buwan matapos mabakunahan (1 tao sa 25). Posible para sa mga taong ito na mahawahan ang iba pang miyembro ng kanilang sambahayan, ngunit talagang napakabihira nito.

**Mga katamtamang problema**

- Seizure (pagkisay o pagkatulala) na dulot ng lagnat (napakabihira).

**Malulubhang problema**

- Pulmonya (napakabihira)

Ang iba pang matitinding problema, kabilang na ang matitinding reaksiyon at mababang bilang ng dugo, ay naiulat matapos mabakunahan laban sa bulutong-tubig. Ang mga ito ay bibihirang mangyari kaya hindi masabi ng mga eksperto kung dulot ba ng bakuna o hindi ang mga iyon. Kung oo, talagang napakabihira nito.

Tandaan: Ang unang dosis ng bakunang **MMRV** ay naiugnay sa rashes at mas matataas na lagnat kaysa kung magkahiwalay na ibinigay ang mga bakuna sa MMR at varicella. May naiulat na rashes sa humigit-kumulang na 1 tao sa 20 at lagnat sa humigit-kumulang na 1 tao sa 5.

Ang mga seizure na dulot ng lagnat ay naiulat din nang mas maraming beses pagkatapos ng MMRV. Karaniwang nangyayari ang mga ito nang 5–12 araw pagkatapos ng unang dosis.

**5****Paano kung may malubhang reaksiyon?****Ano ang dapat kong hanapin?**

- Hanapin ang anumang nagbibigay sa inyo ng alalahanin, tulad ng mga palatandaan ng malubhang allergy, napakataas na lagnat, o mga pagbabago sa pag-uugali. Maaaring kabilang sa mga palatandaan ng malubhang allergy ang tagulabay (hives), pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap na paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, at panghinina. Magsisimula ang mga ito nang ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng pagbabakuna.

**Ano ang dapat kong gawin?**

- Kung sa inyong palagay ay isa itong malubhang allergy o iba pang emergency na hindi makakapaghintay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi, tawagan ang inyong doktor.
- Pagkatapos nito, dapat maiulat ang reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Maaaring i-file ng inyong doktor ang ulat na ito, o kayo mismo ang gumawa sa pamamagitan ng website ng VAERS sa [www.vaers.hhs.gov](http://www.vaers.hhs.gov), o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-822-7967**.

*Para lamang sa pag-uulat ng mga reaksiyon ang VAERS. Hindi sila nagbibigay ng payong medikal.*

**6****Ang National Vaccine Injury Compensation Program**

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay isang programang federal na nilikha upang bayaran ang mga tao na maaaring napinsala ng ilang bakuna.

Maaaring malaman ng mga tao na naniniwala na maaaring napinsala sila ng isang bakuna ang tungkol sa programa at ang tungkol sa paghahain ng claim sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382** o sa pagpunta sa website ng VICP sa [www.hrsa.gov/vaccinecompensation](http://www.hrsa.gov/vaccinecompensation).

**7****Paano ko malalaman ang iba pa?**

- Tanungin ang inyong doktor.
- Tawagan ang inyong lokal o pang-estadong kagawaran sa kalusugan.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
  - Pumunta sa website ng CDC sa [www.cdc.gov/vaccines](http://www.cdc.gov/vaccines)

Vaccine Information Statement (Interim)

**Varicella Vaccine**

3/13/2008

Tagalog

Office Use Only



42 U.S.C. § 300aa-26